California School DASHBOARD

College/Career Indicator (CCI): Mga Panukala ng Kahandaan sa Karera

Ipinapakita ng CCI kung gaano kahusay inihahanda ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (LEA) at mga paaralan ang mga mag-aaral sa high school para sa tagumpay pagkatapos ng graduation, maging sa postsecondary na edukasyon man o sa isang karera. Para sa kadahilanang ito, ang CCI ay binubuo ng parehong mga panukala ng kahandaan sa kolehiyo at karera. Naglalaman ang flyer na ito ng mga panukala ng kahandaan sa karera. Para sa mga panukala ng kahandaan sa kolehiyo, mangyaring i-access ang dokumento ng California Department of Education (CDE) CCI Measures of College Readiness sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccicollege.pdf.

Ang kahandaan sa karera ay nangangahulugan ng pagkumpleto ng mahigpit na coursework at pagsali sa mga karanasan sa pag-aaral na idinisenyo upang ihanda ang mga mag-aaral para sa pagtatrabaho. Maraming panukala ang inaprubahan ng State Board of Education bilang pahiwatig ng kahandaan sa karera, tulad ng ipinapakita sa ibaba. Para sa bawat panukala, ginagamit ang mga partikular na pamantayan upang matukoy kung ang isang mag-aaral ay "Handa" o "Papalapit na sa Kahandaan."

Handa

Ang mga nagtapos na inuri bilang Handa ay dapat matugunan ang kahit isa man lang sa mga pamantayan:

- **Pamumuno/Agham Militar**
  Kumpletuhin ang dalawang taon ng Pamumuno/Agham Militar at makatanggap ng iskor na Level 3 o mas mataas pa sa isang asignatura (ELA o math) Level 2 "Standard Nearly Met (Halos Nakamit ang Pamantayan)" o mas mataas sa isa pa
- **Career Technical Education (CTE) Pathway (Landas ng Edukasyon sa Teknikal na Karera)**
  Kumpletuhin ang isang CTE Pathway na may gradong C- o mas mahusay pa sa capstone course at tugunan ang isa sa mga karagdagang pamantayan sa ibaba:
  - Smarter Balanced Summative Assessments (Mga Mas Matalino't Balanseng Summative Assessment:): Makatanggap ng iskor na Level 3 o mas mataas pa sa isang asignatura (ELA o mathematics) at iskor na Level 2 o mas mataas pa sa iba pang asignatura
  - Kumpletuhin ang isang semestre/dalawang quarter/dalawang trimester ng mga College Credit Course na may gradong C- o mas mahusay pa sa mga asignaturang akademiko/CTE kung saan iginagawad ang mga college credit para sa bawat kurso

  TANDAAN: Kung ang CTE capstone course at CTE college credit course ay nakumpleto sa **parehong taon**, dapat ay nasa **magkaibang** mga CTE Pathway ang mga ito para mapabilang sa Handa ang CTE college credit course. Kung ang CTE capstone course at CTE college credit course ay nakumpleto sa **magkakaibang taon**, maaaring nasa **parehong** mga CTE Pathway ang mga ito para mapabilang sa Handa ang CTE college credit course.

- **Nakarehistrong Pre-Apprenticeship**
  Kumpletuhin ang isang nakarehistrong pre-apprenticeship
- **Hindi Nakarehistrong Pre-Apprenticeship**
  Kumpletuhin ang isang hindi nakarehistrong pre-apprenticeship at tugunan ang isa sa mga karagdagang pamantayan sa ibaba:
  - Mga paaralang hindi DASS: kumpletuhin ang isang CTE pathway
  - Mga paaralan ng DASS: kumpletuhin ang isang CTE pathway o kumpletuhin ang isang semestre/dalawang quarter/dalawang trimester ng CTE course na may C- o mas mahusay pa
- **Mga Programa sa Trabaho ng Estado at Pederal**
  Kumpletuhin ang isa sa mga programa* at kumpletuhin ang isang semestre/dalawang quarter/dalawang trimester ng CTE course na may C- o mas mahusay pa *Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA), Job Corps, YouthBuild, California Conservation Corps (CCC), at Regional Occupational Centers and Programs (ROCP)
- **Transition Classroom at Work-Based Learning Experience (Mga Karanasan sa Transition Classroom at Pag-aaral batay sa Trabaho) (available lang sa mga mag-aaral na may Individualized Education Programs [IEPs] na nakakuha ng Special Education Certicate of Completion)**
  Kumpletuhin ang hindi bababa sa 100 oras na karanasan sa trabaho **at** ang katumbas ng apat na semestre na kurso ng kolehiyo at paggalugad/paghahanda sa karera na idinisenyo upang ihanda ang isang mag-aaral na may IEP para sa trabaho at malayang pamumuhay

Papalapit na sa Kahandaan

Ang mga nagtapos na inuri bilang Papalapit na sa Kahandaan ay dapat matugunan ang kahit isa man lang sa mga pamantayan:

- **Pamumuno/Agham Militar**
  Kumpletuhin ang dalawang taon ng Pamumuno/Agham Militar
- **CTE Pathway**
  Kumpletuhin ang isang CTE Pathway na may gradong C- o mas mahusay pa sa capstone course
- **Hindi Nakarehistrong Pre-Apprenticeship**
  Kumpletuhin ang isang hindi nakarehistrong pre-apprenticeship
- **Mga Programa sa Trabaho ng Estado at Pederal**
  Kumpletuhin ang isa sa mga programa (ibig sabihin, WIOA, Job Corp, YouthBuild, CCC, o ROCP)
- **Transition Classroom at Work-Based Learning Experience (Mga Karanasan sa Transition Classroom at Pag-aaral batay sa Trabaho) (available lang sa mga mag-aaral na may mga IEP na nakakuha ng Special Education Certificate of Completion).**
  Kumpletuhin ang hindi bababa sa 100 oras ng karanasan sa trabaho **o** ang katumbas ng apat na semestre na kurso ng paggalugad/paghahanda sa kolehiyo at karera na idinisenyo upang ihanda ang isang mag-aaral na may IEP para sa trabaho at malayang pamumuhay

Para sa higit pang impormasyon, pakibisita ang CDE California School Dashboard at System of Support web page sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.